

# Mamuhay ng isang Puno ng Layunin na Buhay!

Ang masaya at puno ng layunin na buhay ay nakasalig sa mga relasyon, pagmamahal at pananampalataya. Kung naghahanap ka ng higit na kalinawan kaugnay sa plano ng Diyos para sa iyong buhay, gamitin ang planong ito upang makatulong sa pagtuon ng iyong hangarin at pagtuklas. Hango sa librong, "Out of This world: A Christian’s Guide to Growth and Purpose” ni David J. Swandt.

Copyright © 2013 David J. Swandt.  All Rights Reserved.

Published under license agreement by Twenty20 Faith, Inc. (USA).  Not intended for resale.  For more information visit:

www.twenty20faith.org

# "Ang Ginintuang Panuntunan"

Maging ito man ay isang pulitiko, pinuno ng negosyo, isang masiglang tagapagpahayag, o isang karaniwang tao, paminsan-minsang binabanggit ng mga tao mula sa lahat ng antas sa buhay ang mga kahalagahan ng Ginintuang Panuntunan. Sa katunayan, halos narinig na ito ng lahat at alam ang kahulugan nito.

Karamihan sa mga tao ay sumasang-ayon na "gawin sa iba ang nais natin na mangyari sa ating sarili" ay isang kinakailangang bahagi ng lipunan.  Sa maraming aspeto, ito ang hibla na humahawak sa ating kultura, mga pamilya at pagkakaibigan. Ipinapakita ng Ginintuang Panuntunan ang mga benepisyo ng paglilingkod sa iba, pagpapalawak ng kabutihang-loob at pagtulong sa mga nangangailangan.

Si Jesus ang may-akda ng Ginintuang Panuntunan, na isa sa mga pangunahing priyoridad para sa matagumpay na pamumuhay bilang Kristiyano.

Bilang mga Kristiyano, tinatawag ng Diyos ang bawat isa sa atin na dalhin ang ating pananampalataya sa isang antas na lampas sa paniniwala lamang sa Diyos. Ang Kanyang hangarin ay ang isagawa ng bawat isa sa atin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng paghipo sa buhay ng iba, at sa gayon ay mapapurihan ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng Kanyang pag-ibig at biyaya sa kanila. Ito ang tunay na pamumuhay ayon sa Ginintuang Panuntunan.

# "Mga Susi sa mga Matagumpay na Relasyon"

Ang bawat relasyon, sa isa mang kaibigan, kapamilya, asawa, o maging sa Diyos, ay may dalawang pangunahing sangkap na siyang nagdudulot ng tagumpay: ang pagmamahal at pagsinta na pinagsasaluhan ng mga indibidwal, at ang pagpapakilos sa pag-ibig na iyon sa gawa.

Ang katotohanan ay palaging sinasamahan ng pagkilos ang tunay na pag-ibig; ang isang tunay na kaibigan na nakakakita ng isang nangangailangan ay tutugon ito sa pagtulong. Totoo din ito sa ating relasyon sa Diyos. Ang tunay na pag-ibig sa Diyos ay sinasamahan ng pagkilos; hinihipo ang puso ng Diyos sa pamamagitan ng paghipo sa buhay ng mga nakapaligid sa atin.

Ang pagsisikap na pagpahusay sa ating mga relasyon sa iba ay nagsisimula sa ating relasyon sa Diyos. Sa katunayan, hinihiling ng Diyos na ang ating mga

relasyon sa iba ay maging kadugtong ng ating relasyon sa Kanya.

Bilang mga mananampalataya, ang ating relasyon sa Diyos at ang ating mga relasyon sa isa't isa ang pinakamahalaga sa Diyos – ang pagmamahal sa Kanya at pagmamahal sa iba.

# "Paglago sa Ating Pag-ibig sa Diyos"

Ang pagpapalago ng pag-ibig sa Diyos ay marahil mas mahirap kaysa sa isang kaibigan o kapamilya. Ang isang pangunahing dahilan ay hindi natin nakikita nang pisikal ang Diyos. Kaya ang pagpapanatili at pagpapalago ng pag-ibig sa Diyos ay nangangailangan ng pananampalataya.

Pinahihintulutan tayo ng pananampalataya na direktang maipakita ang isang tunay na pagmamahal mula sa ating puso patungo sa Diyos, kahit na hindi natin Siya nakikita sa ating pisikal na mga mata. Upang mapalago ang ating pag-ibig sa Diyos, kailangang aktibo ang pananampalataya sa ating buhay bilang Kristiyano.

Habang binabasa natin ang Salita ng Diyos, pansinin ang Kanyang pag-ibig at pakikibahagi sa ating buhay at sa iba, at pakikisalo sa Kanya sa panalangin, dito natin mas nakikilala ang Diyos. Ang

pagkilala sa Kanya sa paglipas ng panahon ay nagpapanatili ng isang tunay na lumalagong pag-ibig sa Kanya sa ating buhay.

Ang pagpapalago sa pagmamahal na ito para sa Diyos mula sa ating pananalig sa Kanya ay nakasalalay din sa pagpapakita ng pag-ibig na iyon sa pamamagitan ng paggawa. Ang ating pag-ibig sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya, kasabay ng ating katapatan sa Diyos sa pamamagitan ng pagkilos ang pormula na kinakailangan para sa isang matagumpay at lumalagong relasyon sa Kanya.

Kahit na tiyak na lalago ang ating pag-ibig sa Diyos bilang resulta ng pagpapakita natin ng ating pananampalataya sa pamamagitan ng paggawa, mahalaga din na maunawaan na ang mga pagkilos na ito ay hindi nakakapagdulot ng pagtamo sa pag-ibig at pabor ng Diyos para sa atin.

Ang katotohanan ay matagal na tayong mahal na mahal ng Diyos bago pa man natin Siya makilala at wala itong kondisyon. Ang pag-ibig ng Diyos ang tunay na pinagmumulan ng ating

pagmamahal: ang ating pagmamahal sa Kanya at sa iba.

# “Pagpapaabot ng Pagmamahal sa Iba”

Sa pagkilos ng isang masigla at lumalagong pag-ibig sa Diyos sa ating buhay, ang ating kakayahang magmahal ng ibang tao ay likas din na lalago. Sa lumalagong pag-ibig para sa iba nagmumula ang tumitinding pagnanais na ipakita ang pag-ibig na iyon, sa gayon ay natutupad ang isa sa pinakamahalagang layunin ng Diyos nang nilikha Niya tayo - ang gumawa ng mabubuting gawa para sa iba.

Nasa plano na ng Diyos noon pa man na samahan natin ang pag-ibig ng pagkilos. Ang bawat isa sa atin ay may lugar sa plano ng Diyos na hipuin ang buhay ng iba sa pamamagitan ng mabubuting gawa.

Sa bawat pagkakataong nahihipo natin ang buhay ng iba sa pamamagitan ng mabuting salita, pagtugon sa isang partikular na pangangailangan, o kahit ang simpleng pakikinig lamang sa isang sugatang puso,

hindi lamang natin naipapahayag ang ating pag-ibig, kundi ang pag-ibig ng Diyos sa kanila sa pamamagitan natin. Sa ganitong paraan, tayo ay nagiging mga pangunahing instrumento upang magliwanag ang kaluwalhatian ng Diyos sa mundo na kung wala ito ay puno ng kadiliman at kawalan ng pag-asa.

Ang pagkislap ng ating liwanag ay tunay na pagpapahintulot sa liwanag ng Diyos na magliwanag sa pamamagitan natin. Mayroong tatlong mahahalagang paraan upang maipakita ang kaluwalhatian ng Diyos sa iba:

1. Maging isang mabisang saksi;

2. Paglingkuran ang iba;

3. Makisalo sa mga Kristiyano.

Ang pagpapakilos sa ating pananampalataya sa tatlong paraan na ito ay nagbibigay-daan sa iba upang maranasan ang pag-ibig, biyaya at habag ng Diyos, lahat sa Kanyang kaluwalhatian.

# “Maging Isang Mabisang Saksi”

Ang pagkakaalam kung papaano maging isang mabisang saksi sa ating pang-araw-araw na buhay ay nagsisimula sa pag-unawa sa nais ng Diyos na mapansin ng iba sa ating buhay. Ang maikling sagot ay siyempre, si Jesus. Ngunit ano ang ibig sabihin nito?

Nagbigay si Jesus ng isang perpektong halimbawa kung paano tayo dapat mamuhay ayon sa nais ng Diyos. Kahit nabuhay si Jesus sa lupa sa isang mundo na naiiba sa atin ngayon, isinabuhay Niya ang buong katangian ng Diyos at nagbigay Siya ng isang mahalagang halimbawa para sa ating modernong mundo.

Ang katangian ng Diyos ang nais Niyang palaguin sa ating buhay at mapansin ng iba. Nakakamit lamang ito sa pamamagitan ng ating personal na relasyon kay Jesus.

Katulad ng pamumunga ng isang sanga na nananatili sa puno ng ubas upang mabuhay, gayon din sa atin na nananatili sa ating relasyon kay Jesus - mamumunga tayo - o maipapakita natin sa iba ang katangian ng Diyos sa pamamagitan ng ating buhay.

Kapag kumikilos ang katangian ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin - ang Kanyang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kabaitan, kabutihan, katapatan, kahinahunan at pagpipigil sa sarili tayo ay nagiging mabisang saksi na nabubuhay sa ating pang-araw-araw na buhay.

Katulad noong panahon ni Jesus, ang panlabas, aktibong pagpapahayag ng katangian ng Diyos sa pamamagitan ng ating buhay - ang bunga ng Espiritu - ay malinaw. Nakukuha nito ang atensyon ng parehong mga Kristiyano at hindi mananampalataya, at karaniwan na magtanong ang ibang tao tungkol dito.

Maghanda. Maaaring may nagmamasid at magtatanong ito sa iyo kapag hindi mo inaasahan. Mahusay na puntong

pagsisimulan ang iyong personal na patotoo sa iyong kaligtasan at ang magagandang ginagawa ng Diyos sa sarili mong buhay.  Anyayahan sila sa inyong simbahan o pagsasalo, at hikayatin sila habang sinisiyasat nila ang pakikipagrelasyon sa Diyos!

# “Paglingkuran ang Iba”

Ang simpleng ibig sabihin ng paglilingkod ay ang pagiging handang tumugon sa pangangailangan ng iba. Ang pagtugon na iyon ay maaaring mangailangan ng ating oras, talento, mapagkukunan at pagsisikap; ngunit ang paglilingkod na bunsod ng pag-ibig sa Diyos at sa iba ay maaaring maging isa sa pinakamasaya at magagandang karanasan sa buhay ng isang tao.

Ang pagtugon sa mga pangangailangan ng iba ay maaaring may maraming anyo at maaaring magtuon sa mga pangangailangan ng parehong mga Kristiyano at hindi mananampalataya. Palaging may mga pagkakataong maglingkod sa lokal na iglesia bilang isang indibidwal man o bilang bahagi ng isang grupo. MAYROON kang maiaalok na napakahalagang bagay

Mayroon ding mga oportunidad na lumilitaw sa simpleng personal na

pakikipag-ugnayan sa mga tao, o sa simpleng pag-obserba sa pangangailangan ng isang tao, at sa pagtugon sa hindi hinihinging tulong.

Ang anumang tugon na ibinibigay mo, maging ito man ay oras, mapagkukunan, talento o simpleng isang nakakapagpatibay ng loob na salita, ay isang gawaing paglilingkod. Ngunit nauunawaan din ng Diyos na mayroon tayong limitadong kakayahan sa maaari nating ibigay, kaya inaasahan Niya tayong maging responsable at mabuting tagapangasiwa kapag nangangako.

Ang hangad ng Diyos ay ang ibahagi natin ang ating sarili nang may kagalakan. Bagaman kung minsan ay mahirap para sa ilan sa atin ang tumanggi, ang katotohanan ay maaaring manakaw ng labis na pagtulong ang kasiyahan at kagalakan na nais ng Diyos na nasa atin kapag naglilingkod tayo.

# “Makisalo sa mga Kristiyano”

Ang pagpapasigla ng loob, pagbabahagi ng pag-ibig at lakas sa ibang mga mananampalataya ay isa sa ating pinakadakilang prayoridad. Ang katotohanan ay kailangan natin ang isa’t isa. Ganyan ang dinisenyo ng Diyos. Ayaw ng Diyos na may sinumang "nagsasarili."

Ang katotohanan ay napakahalaga sa ating paglago ang pagpapalago sa ating mga relasyon sa ibang Kristiyano. Madalas na nagtatakda ang Diyos ng "mga banal na pagtatalaga" para tayo ay maglingkod o magpalakas ng loob ng isa't isa na maaaring tanging magagawa natin.

Ang prinsipyo ng lakas sa bilang ay nalalapat kahit sa mga Kristiyano, at ang pagkakaroon ng matibay na mga relasyon sa mga kapanampalataya ay tumutulong sa ating lumago sa ating paglakad kasama ng Diyos!

Ang plano ng Diyos sa pagtatatag ng lokal na iglesya ay para mai-ugnay ka sa ibang mga mananampalataya. Makisalo at tamasahin ang mga benepisyo ng pagbibigay at pagtanggap ng mga pagpapala mula sa mga kapatid kay Cristo!